# *Bantay Yugto 16*

## *Ang Bantay ay Nakakakita sa pamamagitan ng Pananampalataya ng Ipinangako ng Dios*

Basahin natin ang ***Genesis 13*** upang makita natin kung ano ang ginawa ni Abram bilang isang mabuting tagapagbantay.

***"1 At umahon sa Timugan si Abram mula sa Egipto, siya at ang kaniyang asawa, at ang lahat ng kaniyang tinatangkilik, at si Lot na kaniyang kasama. 2At si Abram ay totoong mayaman sa hayop, sa pilak, at sa ginto. 3 At nagpatuloy si Abram ng kaniyang paglalakbay mula sa Timugan hanggang sa Bethel, hanggang sa dakong kinaroroonan noong una ng kaniyang tolda sa pagitan ng Bethel at ng Hai; 4 Sa dako ng dambana na kaniyang ginawa roon nang una: at sinambitla doon ni Abram ang pangalan ng PANGINOON. 5 At si Lot man na kinasama ni Abram ay may tupahan at bakahan, at mga tolda. 6 At sila'y hindi makayanan ng lupain, na sila'y manahan na magkasama: sapagka't napakarami ang kanilang pag-aari, na ano pa't hindi maaring manirahang magkasama. 7 At nagkaroon ng pagtatalo ang mga pastor ng hayop ni Abram at ang mga pastor ng hayop ni Lot; at ang Cananeo at ang Pherezeo ay naninirahan noon sa lupain. 8 At sinabi ni Abram kay Lot, Ipinamamanhik ko sa iyong huwag magkaroon ng pagtatalo, ikaw at ako, at ang mga pastor mo at mga pastor ko; sapagka't tayo'y magkapatid. 9 Di ba ang buong lupain ay nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ay pasa sa kanan ako: o kung ikaw ay pasa sa kanan, ay pasa sa kaliwa ako. 10 At itiningin ni Lot ang kaniyang mga mata, at natanaw niya ang buong kapatagan ng Jordan, na pawang patubigan na magaling sa magkabikabila, kung pasa sa Zoar, bago giniba ng PANGINOON ang Sodoma at Gomorra, ay gaya ng halamanan ng PANGINOON, gaya ng lupain ng Egipto. 11 Kaya't pinili ni Lot sa kaniya ang buong kapatagan ng Jordan; at si Lot ay naglakbay sa silanganan: at sila'y kapuwa naghiwalay. 12 Tumahan si Abram sa lupain ng Canaan; at si Lot ay tumahan sa mga bayan ng kapatagan, at inilipat ang kaniyang tolda hanggang sa Sodoma. 13 Ang mga tao nga sa Sodoma ay masasama at mga makasalanan sa harap ng PANGINOON. 14 At sinabi ng PANGINOON kay Abram, pagkatapos na makahiwalay si Lot sa kaniya, Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa dakong kalunuran: 15 Sapagka't ang buong lupaing iyong natatanaw ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakaylan man. 16 At gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi: na ano pa't kung mabibilang ng sinoman ang alabok ng lupa ay mabibilang nga rin ang iyong binhi. 17 Magtindig ka, lakarin mo ang lupain, ang hinabahaba at niluwang-luwang niyan; sapagka't ibibigay ko sa iyo. 18 At binuhat ni Abram ang kaniyang tolda, at yumaon at tumahan sa mga punong encina ni Mamre na nasa Hebron, at siya'y nagtayo roon ng dambana sa PANGINOON." (Genesis 13:1-18 KJV)***

Pinagpala ng Dios si Abram gaya ng mababasa natin dito, ***"2 At si Abram ay totoong mayaman sa hayop, sa pilak, at sa ginto." (Genesis 13:2 KJV)*** Pinagpala Niya siya sa iba't ibang materyal na mga bagay. Habang lumalakad ka kasama ng Dios, darating sa iyong buhay ang mga pagpapala ng Dios at magdadagdag ng mga bagong bagay sa iyo. Si Lot na nakatira kasama ni Abram ay pinagpala rin ng iba't ibang materyal na bagay at nakatanggap ng pagdami gaya ng mababasa natin dito, ***"5 At si Lot man na kinasama ni Abram ay may tupahan at bakahan, at mga tolda." (Genesis 13:5 KJV)***

Dahil sa mga pagpapala ng Dios sa kanilang buhay mayroong bagong kalagayan na ipinakita gaya ng mababasa natin dito, ***"6 At sila'y hindi makayanan ng lupain, na sila'y manahan na magkasama: sapagka't napakarami ang kanilang pag-aari, na ano pa't hindi maaring manirahang magkasama." (Genesis 13:6 KJV)*** Kaya naman hindi posible para sa kanilang dalawa na manahang magkasama. Maaaring normal iyon, at kailangan nila ng mas malaking lugar upang magsama silang dalawa dahil ang lupang kanilang tinitirhan ay siksik na sa kanilang mga ari-arian.

Dahil sa gayong kalagayan, hinarap ni Abram ang isang pagtatalo sa kanyang pamangking si Lot, nang pareho sa kanilang pastol ay nagsimulang mag-away, ***"7 At nagkaroon ng pagtatalo ang mga pastor ng hayop ni Abram at ang mga pastor ng hayop ni Lot; at ang Cananeo at ang Pherezeo ay naninirahan noon sa lupain." (Genesis 13:7 KJV)*** Ang pagtatalong iyon ay hindi isang mabuting bagay na dapat mangyari sa pagitan ng mga pastol nila, lalo na at may iba pang mga bansa sa paligid nila na magbabantay nito at hindi ito magiging magandang patotoo sa iba tungkol kina Abram at Lot. * Bilang tapat na mga bantay, kailangan nating maging mabuting patotoo sa mga nasa paligid natin, lalo na sa mga hindi naniniwala, at iwasan ang pakikipag-away o pagtatalo sa isa't isa. * Sa halip, dapat nating mahalin ang isa't isa tulad ng itinuro sa atin ni Jesus, upang makita ng iba ang Dios sa pamamagitan ng ating buhay, ***"34 Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. 35 Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa." (Juan 13:34-35 KJV)***

Sa pagharap sa gayong sitwasyon, Seryosong hinarap ni Abram ang usapin at tinugunan ito. Sa pagharap sa sitwasyong iyon, bilang isang mabuting bantay, ipinakita ni Abram ang pananampalataya sa Dios at nagtitiwala sa Kanya na makakatanggap siya ng pinakamainam mula sa Kanya. Siya ay kumilos at ginawa ang mabubuting gawa na inaasahan ng Dios na gawin niya. Hiningi niya kay Lot, sa kanyang pamangkin, na pumili ayon sa kanyang gusto. ***"8 At sinabi ni Abram kay Lot, Ipinamamanhik ko sa iyong huwag magkaroon ng pagtatalo, ikaw at ako, at ang mga pastor mo at mga pastor ko; sapagka't tayo'y magkapatid. 9 Di ba ang buong lupain ay nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ay pasa sa kanan ako: o kung ikaw ay pasa sa kanan, ay pasa sa kaliwa ako." (Genesis 13:8-9 KJV)*** Ginawa ni Abram ang sumusunod na mabubuting gawa sa pagsasabi niya kay Lot:

1. Siya ay dumiretso, nakipagkita sa kanya at nakipag-usap sa taong sangkot at ibinahagi sa kanya ang buong usapin. Sa parehong paraan, kung may sitwasyong kahalintulad nito, kailangan mong gawin ang ginawa ni Abram; pumunta at direktang pag-usapan ang bagay sa taong sangkot. Huwag kang magsalita sa kanyang likuran at huwag ring magsalita sa iba kundi makipag-usap sa taong sangkot.

2. Hiningi niya na walang pagtatalo sa pagitan nila at ng kanilang mga tauhan. Nilayon ni Abram na walang labanan sa pagitan nila at ng kanilang mga manggagawa. May mabuti siyang pag-iisip na walang dapat na labanan. Sa parehong paraan, kapag nangyari ang ganitong bagay, kailangan nating paghandaan at ayusin ang ating isipan para sa pagkilos at tiyakin na walang labanan, dahil magdudulot ang labanan ng mas maraming pagkalugi sa bawat panig.

3. Sinabi ni Abram kay Lot, ***"sapagka't tayo'y magkapatid."*** Maging si Abram ay mas matanda sa gulang, ay si Lot ay kanyang pamangkin, at isinama ni Abram si Lot sa kanya nang siya'y umalis sa Haran, ngunit ngayo'y ipinakumbaba niya ang kanyang sarili at tinawag siyang kapatid, katumbas niya, upang ang pagtatalo ay maayos at hindi lumaki. Sa parehong paraan kailangan nating ipakumbaba ang ating sarili sa gayong kalagayan upang ang pagtatalo ay mahinto, at dapat nating kalimutan ang mga hinaing na ginawa ng iba laban sa atin. Kapag ang mga mananampalataya ay kumikilos sa atin bilang Lot kay Abram, kailangan pa rin nating ituring sila bilang mga kapatid sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Dios na harapin sila habang ginagawa natin ang ating bahagi upang maiwasan at lumayo sa anumang alitan.

4. Binigyan ni Abram si Lot ng pagpipilian na pumili. Sinabi niya sa kanya na ang lupa ay nasa harap niya upang pumili. Handa si Abraham na harapin ang katotohanan na hindi posible na makasama si Lot, kaya binigyan niya si Lot ng pagpipilian at utos na humiwalay sa kanya tulad ng sinabi niya sa kanya, ***"9 Di ba ang buong lupain ay nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ay pasa sa kanan ako: o kung ikaw ay pasa sa kanan, ay pasa sa kaliwa ako." (Genesis 13:9 KJV)*** Batid niya na hindi magiging kontento si Lot na manatili sa kanya, kaya siya mismo ang nag-una na sabihin iyon sa kanya. Si Abram pinangakuan ng Dios na bibigyan ng lupa, at dito niya inalok kay Lot na pumili ng lugar na nais niyang tirahan upang matapos ang pagtatalo. Inaasahan mula kay Lot na ibabalik niya ito kay Abram upang hayaan siyang pumili muna ng lugar sa lupa na titirahan dahil si Abram ang may-ari, ngunit kahit na mas bata, nabigo si Lot na gawin iyon.

5. Ipinakita ni Abram ang kanyang pananampalataya sa Dios at nagtitiwala na siya ay tatanggap ng pinakamainam mula sa Dios. Hiningi niya kay Lot na pamangkin niya na pumili ng gusto niya. Kaya pinili ni Lot ang gusto niya, ang ***"na pawang patubigan"*** lugar at ang lupain gaya ng mababasa natin dito, ***"10 At itiningin ni Lot ang kaniyang mga mata, at natanaw niya ang buong kapatagan ng Jordan, na pawang patubigan na magaling sa magkabikabila, kung pasa sa Zoar, bago giniba ng PANGINOON ang Sodoma at Gomorra, ay gaya ng halamanan ng PANGINOON, gaya ng lupain ng Egipto." (Genesis 13:10 KJV)*** at ang naiwan ay para kay Abram. Kahit hindi gaanong kanais-nais na lupain ang iniwan kay Abram; ngunit ang naiwan ay ang pinakamainam at mas mabuti kaysa sa pinili ni Lot na nagdulot sa kanya ng mga problema. ***"12 si Abram sa lupain ng Canaan; at si Lot ay tumahan sa mga bayan ng kapatagan, at inilipat ang kaniyang tolda hanggang sa Sodoma." (Genesis 13:12 KJV)*** Si Abram bilang mabuting bantay ay kayang makita sa pamamagitan ng pananampalataya ang mabuting bunga ng pinili niya. Sa parehong paraan bilang bantay na lalake at babae maari tayong humarap sa gayong pakikibaka at may mga taong susubukang kunin ang pinakamabuti at iiwan sa atin ang pinakamasama, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dios, kailangan nating magtiwala sa Kanya at sa pamamagitan ng pananampalataya ay dapat nating makita ang maliwanag na kinabukasan na inihanda Niya para sa atin.

Si Abram, bilang isang tao ng pananampalataya, ay nagtitiwala sa Dios at nagawang makita at tanggapin ang pangako ng Dios sa kanya. Sa tuwing may pakikibaka o paligsahan sa pagitan mo at ng iba, huwag matukso na ituon sa karaniwang materyal na bagay sa pagitan mo at ng iba. Kaya rin ng Dios at ipagkakaloob sa iyo ang higit at mas mabuting bagay kaysa sa mga nawala sa iyo. Alam natin na sa huli, si Lot ay gumawa ng maling pagpili. ***"10 At itiningin ni Lot ang kaniyang mga mata, at natanaw niya ang buong kapatagan ng Jordan, na pawang patubigan na magaling sa magkabikabila, kung pasa sa Zoar, bago giniba ng PANGINOON ang***

***Sodoma at Gomorra, ay gaya ng halamanan ng PANGINOON, gaya ng lupain ng Egipto. 11 Kaya't pinili ni Lot sa kaniya ang buong kapatagan ng Jordan; at si Lot ay naglakbay sa silanganan: at sila'y kapuwa naghiwalay. 13 Ang mga tao nga sa Sodoma ay masasama at mga makasalanan sa harap ng PANGINOON." (Genesis 13:10-11, 13 KJV)*** Ang Sodom ay mukhang parang halamanan ng Panginoon ngunit alam natin ang pagkawasak na naroroon dahil sa uri ng masasamang tao na naroon sa lugar na iyon, gaya ng ating binabasa dito, ***"13 Ang mga tao nga sa Sodoma ay masasama at mga makasalanan sa harap ng PANGINOON." (Genesis 13:13 KJV)*** Ang materyal na mga bagay na pinagtatalunan ng mga tao ay nagdudulot ng kapahamakan, kaya kumilos at gawin gaya ng ginawa ni Abram. Patawarin ang mga nanlamang sa iyo at kumilos sa iyo kagaya ng ginawa ni Lot kay Abram; nakalimutan na si Abram ang kumuha sa kanya sa kanyang paglalakbay upang sundin ang Dios, at ngayon pagkatapos siyang pagpalain nagsimula siyang makipagtalo sa taong naging kasangkapan ng Dios upang matanggap ang pagpapala ng Dios. Si Abram bilang isang taonng may pananampalataya ay nagtitiwala sa Dios at nakakita at tinanggap ang pangako ng Dios. Nakikita ng bantay na lalake at babae ang pagkilos ng Dios; ang Banal na Espiritu. Nakikita ng bantay na lalake at babae ang biyaya, ang probisyon, at ang pangako ng Dios.

Nais ng Dios sa iyo na buksan ang iyong paningin at makita sa iyong isipan at paniwalaan sa iyong puso ang mga pangako ng Dios sa iyo. Sinabi ng Dios kay Abram, ***"14 At sinabi ng PANGINOON kay Abram, pagkatapos na makahiwalay si Lot sa kaniya, Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa dakong kalunuran:" (Genesis 13:14 KJV)*** Nais ng Dios sa iyo na itingin ang iyong mga paningin sa kinaroroonan mo at tumingala at makayang makamit ang sumusunod:-

***A. Makayang makita ang laki ng pangako ng Dios: "15 Sapagka't ang buong lupaing iyong natatanaw ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakaylan man." (Genesis 13:15 KJV)*** Ang binhi ni Abraham ay si Cristo at bawat gawain na ginagawa natin sa pangalan ni Cristo ay sasagana at magiging matatag magpakailan man.

***B. Makayang makita ang hinaharap na mga pagpapala ng iyong mga salinlahi: "16 At gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi: na ano pa't kung mabibilang ng sinoman ang alabok ng lupa ay mabibilang nga rin ang iyong binhi." (Genesis 13:16 KJV)*** Minsan nakikipagtalo tayo tungkol sa materyal na mga bagay dahil nag aalala tayo tungkol sa kung anong maiiwan para sa ating mga anak. Bagkus sa halip sumunod sa Dios at titiyakin Niya ang mabuting kinabukasan para sa inyong mga anak.

***C. Kunin ang hakbang ng pananampalataya na magpatuloy at maranasan ang pangako ng Dios: "17 Magtindig ka, lakarin mo ang lupain, ang hinabahaba at niluwang-luwang niyan; sapagka't ibibigay ko sa iyo." (Genesis 13:17 KJV)*** Huwag mong hayaang ang sakit, paghihirap, at masasamang karanasan kasama ang mga taong taksil na hadlangan ka sa pag-usad upang matanggap at makamit ang ipinangako ng Dios sa iyo at sa mga taong tapat na kasama mo at nagnanais manatili at lumakad sa katotohanan ng Dios.

***D. Tumugon sa tawag ni Jesus:*** Na tumawag sa atin, ***"19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:19-20 KJV)*** Bilang bantay na lalake at babae patuloy nating gawin ang mabubuting gawa ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya.

Maaring napakasakit na karanasan para kay Abram na maglaan ng panahon at pagsisikap upang palakihin si Lot at ngayon ay nagpapakita ng walang katapatan at handang iwanan si Abram. Ngunit ang katotohanan ay ito: Kung mananatili si Lot kung gayon siya ang hadlang kay Abram. At ang katunayan niyon ay malinaw, na nang siya'y umalis, Nakayang makita ni Abram nang malinaw ang pangako ng Dios, Si Lot, ay katulad ng balabal, at isang hadlang na nasa harapan ng mga mata ni Abram. Ganoon din para sa iyo, may ilang tao na iyong nakatrabaho at pinaghirapan ay mas makabubuti sa iyo kung sila'y aalis sa iyong paligid. Tama, sila ay hadlang para makita at matanggap mo ang mga pangako ng Dios.

Maaaring sabihin mo na kailangan ni Abram na magsimula muli mula sa simula. Oo, totoo iyon, at maaaring nararanasan mo rin ang parehong sitwasyon, na kung hahayaan mo na ang mga bagay na pinaghirapan mo noon ay lumayo sa iyo, maaaring makaramdam ka ng pagkawala at kailangan mong magsimula muli. Maaaring makaranas ka ng ganitong pagkawala ngunit ito ay pansamantala lamang, at maaari kang magsimula ng maliit na simula, ngunit huwag kalimutang, sa ganitong desisyon mo na hayaang lumayo ang mga taong nanakit sa iyo, inilagay na ng Panginoon sa bagong daan upang matanggap mo ang Kanyang biyaya at mga pangako na magpapahintulot sa iyo na gawin ang mabubuting gawa ng Dios.

Dapat at kayang makita ng bantay ang mabuting wakas mula sa mababang simula. Mayroong mga halimbawa sa Biblia na sila'y nagsimula sa wala matapos nilang hinarap ang pag-uusig. Kabilang sa kanila si Jose; nagsimula siya sa wala nang ipinagbili siya ng kanyang mga kapatid. Muli siyang nagsimula mula sa wala nang ibilanggo siya dahil sa babaeng iyon na nag-akusa sa kanya ng maling paratang. Nang dumating si Jesus sa lupa, nagsimula rin siya mula sa wala at nagsimulang ipangaral ang mabuting balita at gumawa ng mga bagong alagad. Makikita mo sa dalawang halimbawa na ang kanilang mapagpakumbabang pasimula ay ginantimpalaan at naging maunlad ang kanilang landas, ***"7 At bagaman ang iyong pasimula ay maliit, gayon ma'y ang iyong huling wakas ay lalaking mainam." (Job 8:7 KJV)*** Ikaw rin ay makakaranas ng katulad habang nagtitiwala ka sa Dios at pagiging handang magpatawad, itinutuon ang iyong mga mata sa Kanya at pagiging handang magpatuloy sa bagong karanasan na inihanda ng Panginoon para sa iyo, na gawin ang mabubuting gawa ng Dios, ipinapakita ang iyong pananamplataya ng may mga gawa. Bilang bantay na lalake at babae palakasin ang iyong loob sa mga halimbawang ito mula sa Biblia upang makita mo ang maningning na hinaharap mo habang inihanda ng Dios ito para sa iyo.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Bilang tapat na bantay na lalake at babae lumapit tayo ngayon sa Dios, baguhin ang iyong isipan at maging handang gawin ang parehong mga uri ng gawa na ginawa ni Abram. Maging handa na patawarin ang mga nakasakit sa iyo at pakawalan ito. Maging handa na mag-alay ng kapayapaan at iwasan ang pagtatalo. Maging handa na ihiwalay ang sarili sa maling kasama. Maging handa na simulan ang panibagong simula na nagtitiwala sa Dios na Siya ang magpapala sa iyo. Maging handa na ituon ang iyong mga mata sa Kanya na tinanggal na Niya ang mga hadlang sa harap mo at binuksan na para sa iyo ang mga bagong pintuan upang magpatuloy at pagsilbihan Siya na may masaganang yaman at mas maraming pagpapala.

Tayo ay manalangin …

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagdala ng pagasa muli sa aking puso at binigyang kakayahan akong makita ang iyong mga pangako sa akin. Panginoon salamat para sa pagtuturo sa akin ng bagong mga bagay sa aking buhay at makayang makita ang mas mabuti ng iyong mga pagpapala at ang bagong pintuan at ang bagong pagkakataon na itinakda mo sa harapan ko.*

*Ipahayag at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang kasakiman, pagkamakasarili, walang pagpapasalamat, kamunduhan, at hindi handang magdusa at dumaan sa makipot na daan. Talikdan ang galit, pakikipagtalo, hindi pagpapatawad, ay hindi handnag sundin ang plano ng Dios. Magsisi sa iyong kawalang ng pananampalataya at kawalan ng tiwala sa Dios. Magsisi sa iyong kawalang kahandaang ipagkatiwala ang iyong sarili na gawin ang mga gawain ng Dios na inihanda Niya na gawin mo. Panginoon Ako'y nagsisisi at tinatalikuran ang sumusunod na mga kasalanan* ______________________________________________________.

*Panginoon, ako ay nagsasagawa ng hakbang ng pananampalataya at sisimulang kumilos at kunin ang mga inihanda mo para sa akin. Panginoon, bigyan mo ako ng pasensya, tiyaga, at lakas upang gawin iyon. Ito lamang ang aking hinihiling at ipinagdarasal sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, inilalagay ko sa iyong mga kamay ang sumusunod na pakikibaka* ________________________________.

*Panginoon, bigyan mo ako tulad ng pagbibigay mo kay Abram ng karunungan at kababaang-loob upang harapin ang krisis na naranasan niya kasama si Lot.*

*Panginoon salamat para aking mga Kapatid na lalake at babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay upang paglingkuran ka at gawin ang pinakamainam na bagay na pinagaralan namin sa mensaheng iyo. Panginoon patnubayan kami ng buong katotohanan, at patnubayan kami na gawin ang iyong kalooban. Panginoon protektahan kami at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangn at alalayan sila sa makipot na daan upang panatili hanggang maani nila ang iyong mga pangako.*

*Panginoon tulungan kami bilang simbahan at gabayan kami na isagawa ang turi na natutunan namin mula sa iyo sa mensaheng ito. Panginoon handa naming patawarin ang sumusunod na mga tao* ________________ *at handang ipakumbaba ang aming sarili na bigyan sila ng pagpipilian na pumili upang ang pagtatalo ay matapos at kaming makapagpatuloy sa dako na nais mo na puntahan namin at magkaroon ng bagong pasimula habang pinapatnubayan mo kami. Panginoon gabayan mo kami upang magpatuloy at mangaral, at gumawa ng mga bagong disipulo at magsanay ng mga manggagawa upang magtanim ng mas maraming pag aaral ng Biblia at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Diyos.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay sa at iligtas kami mula sa kapahamakan*

*upang hindi kami makaranas ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com